

Residence Visa

Ano ang dapat gawin upang makamit ang ganitong uri ng visa?



Kailangan ko ng tulong upang ihanda ang mga dokumento para sa aplikasyon ng visa. Advice para sa “foreign employee” matatapos na visa sa madaling panahon. Paraan upang maka pamalagi sa Japan kahit diborsyo sa asawang hapon. Nais na ang anak ay makarating dito sa Japan. Topikong kadalasan naming naririnig sa konsultasyon ng pamumuhay ditto sa Fujimino International Cultural Exchange Center. Sa ganitong kalagayan banyagang residente na may asawang hapon, ating bigyang pansin ang ukol sa “residential visa” ngayong buwan.

● Ano ang “Residence Visa”?

Ito ang kwalipikasyon upang makapanirahan sa Japan. Ang Minister of Justice ay kinokonsider ang dahilan/sitwasyon ng banyaga at bigyan ito ng karapatang manirahan sa Japan sa loob ng ilang panahon. Upang pagkalooban ng ganitong visa, kailangang may sapat na kadahilanan upang bakit dapat manatili sa Japan. Ito ay walang limitasyon sa paghahanapbuhay. Ang ganitong uri ng visa ay makakapag trabaho ng Malaya tulad ng isang “Japanese citizens”. Subalit kailangan mag extend ng paglagi ditto kung hindi pa permanente ang visa.

● May asawang Hapon. Maari ba ako magkaroon ng “residence visa”?

Kung ang asawa ay “Japanese citizen”, ang pagpasok sa bansang Japan at manatili ay pinahihintulutan.

- 1) Kung ang pag pasok sa Japan ay bilang asawa ng “Japanese citizen”, isumite “certificate of eligibility” (Asawa ng Japanese National) ay pinahihintulutan.
- 2) Kung ikaw ay nasa Japan na at nakapag-asawa ng Japanese citizen, ang “certificate of eligibility” papalitan ng “Spouse of Japanese National”. Merong ganitong sertipiko, makakapag trabaho tulad ng isang “Japanese citizens”.
- 3) Kung nanatili sa Japan ng illegal na paraan ngunit nakapag-asawa ng Japanese citizen, ang pag deport ay hindi maiiwasan. Ngunit, ang pag-aasawa ay mabigat na dahilan na ang pagdesisyon ay nakasalalay padin sa “Minister of Justice”.

● Ang aking Japanese na asawa ay namatay (o diniborsyo ako). Wala kaming anak. Ako ba ay kailangang bumalik sa bansang pinanggalingan?

Kung ikaw ay merong “marriage visa” (iyan ay “certificate of eligibility” – Spouse of Japanese National) ngunit ang Japanese na asawa ay namatay, ang dahilan upang manatili sa Japan ay mawawala. Kailangan bumalik sa bansang pinanggalingan. Subalit bilang may asawang hapon ay matagal o mag-aalaga ng magulang ng asawa, ang “permanent residence visa” ay maaring pagbigyan. Kahit sa sitwasyong diborsyado ngunit merong anak na kinilala ng dating asawa. Para sa naninirahan sa Japan sa loob ng 4~5 taon, Makakabuting mag palit ng “certificate of eligibility” mula sa “Spouse of Japanese National” sa permanent residence visa.

www.ficec.jp/foreign/

- The back numbers of “Information Fujimino” are available at online.

● **Nais kong makasama ang aking anak dito sa Japan.**

Banyagang naninirahan ditto sa Japan ay merong anak sa dating asawa. Naiwan sa sariling bansa at ngayon ay nais nyang makasama, merong “certificate of eligibility” – Spouse of Japanese National. Kung nais manirahan kasama ang anak ditto sa Japan, “permanent residence visa” maari ding magkaroon sa ilang kadahilanan at sitwasyon.



● **Maari ba imbitahin ang aking magulang upang manirahan dito sa Japan?**

Magulang na may katandaan na at walang mag-aaruga sa sariling bansa, asawa pumayag na manirahan ditto sa Japan. Maraming ganitong dahilan. Panglahat, “permanent residence visa” ay pinagkakaloob sa aplikanteng nakasunod sa “requirements or conditions” na pinatutupad ng “Minister of Justice”. Subalit walang nabanggit ukol sa magulang na nais ditto patirahin. Maaring ito ay i-konsider bilang “special case” kung ang magulang ay mahirapang mamuhay na mag-sa sa sariling bansa. Subalit ang ganitong visa ay napakahirap mapahintulutan.

**Abril 2009
Aplikasyon
para sa
“admission”
umpisa na**

Ang Fujimi city ay merong 12 day-care centers, meron 6 na public at 6 na pribado. Ang Admisyon ay simula sa ika-18 ng Nob. (Fujimino Exchange Center), ika-19 ng Nob (Mizutani Community Center) and ika-20 ng Nob (Fujimi City Hall 1st Floor). “Application form” ay ipamamahagi sa Fujimi city child-rearing support division (049-252-7105), sa bawat branch office at day-care center. Maari po lamang na dalhin ang anak sa pag apply at isumite ang aplikasyon at “maternity record book”.

Ang bagong batas sa “Road Traffic Law”, “Obligation of wearing seatbelt on backseat” Simula nung ika-1 ng Hunyo sa loob ng 4 na buwang Pagpapa-alam Kaya simula sa Oktubre, Ang bawat isa ay obligadong sumunod sa panuntunang ito. Sa sino mang hindi magsuot ng seatbelt sa backseat na nag mamaneho sa “highway o driveway”, ikaw ay babawasan ng 1 puntos. Para sa kaligtasan, bawat pasahero huwag kalimutang mag suot ng seatbelt.

**Tsek “seatbelt
sa backseat”!
Simula sa
Oktubre ito ay
Obligasyon !**

**Ang “Guidance
book para sa
nrseriy school &
kindergarten”
ay naisalin sa 6
na wika.**

Kailangang impormasyon sa Japanese day-care center, nursery school and kindergarten! Ang ating “staffs” ay nagkaloob ng panahon upang maging tulong na impormasyon sa bawat magulang tulad ng like “application for admission”, “vaccination” at hospital ay nakapaloob dito. Ngayon ay nandito na naisalin sa 6 na wika at libre (walang bayad)

Maaring magkaroon ng kopya hindi lamang sa center, maari ding makahingi sa mga pampublikong lugar. Kung nais ng kopya ng “Guidance book” huwag mag atubiling ipagbigay alam po lamang.

